Pagtugon sa isang Labis na Dosis sa Panahon ng Pandemya ng COVID-19

Ang **Naloxone (Narcan)** ay isang medikasyon na binabalewala ang mga epekto ng labis na dosis ng opioid. Gumagana lang ito sa mga opioid, tulad ng heroin, iniresetang painkiller at fentanyl ngunit ligtas itong gamitin kahit na walang mga opioid.

Mga pag-iingat sa COVID-19: Nangangailangan ang pagtugon sa isang labis na dosis ng maikling panahon ng pagiging mababa sa 6 feet na malayo sa isang tao. Gawin mo ang makakaya mo upang maiwasan ang hindi kinakailangang pakikipagkontak. Magsuot ng mga guwantes at gumamit ng pantakip sa mukha na ibinigay sa kit sa pagsagip sa paghinga. Pagkatapos ng pagtugon, hugasan ang iyong mga kamay ng sabon at tubig nang hindi bababa sa 20 segundo at gumamit ng wipe na may alkohol sa anupamang bagay na hinawakan mo (tulad ng telepono) kahit na may guwantes ka. Tingnan ang ibaba para sa mga hakbang upang balewalain ang labis na dosis sa panahon ng COVID-19.

Sumigaw at I-sternal Rub	• Humanap ng **mga sintomas ng labis na dosis**: Hindi tumutugon, mabagal o tumigil na paghinga, mga labi o dulo ng daliri na umitim, paghilik o paglaguklok.
	• **Sumigaw** upang tingnan kung tumutugon.
	• Kung walang tugon, **ihagod ang mga buko ng daliri na may guwantes** nang matigas pataas at pababa sa buto sa dibdib (ang mga guwantes na non-latex ay mayroon sa bawat naloxone kit).
Ibigay ang Naloxone	• **Tumawag sa 911** para sa medikal na pag-alalay. Ang mga oras sa pagtugon sa emergency para sa mga medikal na serbisyo ay maaaring mas mabagal dahil sa **COVID-19**.
	• **Ibigay ang naloxone:** 1. Buksan ang pakete. Huwag subukan ang device. 2. Ilagay ang buong nozzle sa ilong ng tao. 3. Pindutin ang plunger upang palabasin ang naloxone. 4. Kung walang pagtugon sa dalawang minuto, ibigay ang isa pang dosis.
Suporta	• **Ang pagsagip sa paghinga (bibig sa bibig)** ay opsiyonal. Matatagpuan ang mga tagubilin sa pantakip sa mukha sa iyong kit. Maaaring may peligro pa rin ng transmisyon ng **COVID-19** kapag gumagamit ng pantakip sa mukha.
	• Ilagay ang tao sa **posisyon ng paggaling** (na nakatagilid) kailan mang hindi ka gumagamit ng naloxone o ginagawa ang mga pagsagip sa paghinga.
	• Kung gumising ang tao, **ipaliwanag kung ano ang nangyari**. Payuhan sila na ang paggamit ng mga gamot 30-90 minuto bago mawalan ng bisa ang

	naloxone ay hindi magpapahina sa withdrawal at maaaring patindihin ang kanilang peligro sa isa pang labis na dosis.

Kontakin ang programa kung saan mo tinanggap ang iyong kit upang ipaalam sa kanila na ginamit mo ito at kailangang tumanggap ng refill o bisitahin ang nyc.gov/naloxone para sa impormasyon sa pagkuha ng isa pang kit.

Para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa COVID-19, kabilang kung paano mag-ingat laban sa stigma, bisitahin ang nyc.gov/health/coronavirus o cdc.gov/covid19. Para sa mga totoong oras na update, bisitahin ang nyc.gov/coronavirus.

Maaaring baguhin ng Kagawaran ng Kalusugan ng Lungsod ng New York ang mga rekomendasyon habang nagbabago ang sitwasyon. 6.11.20